

# Piling larang akademik supplementaryong aklat-teknolohiya batayang pagkatuto (PLAS ATBP) sa pag-aaral ng sulating Filipino

Estera, John Emil ✉

DepEd Sorsogon – Juban National High School, Philippines ([ako2emil@gmail.com](mailto:ako2emil@gmail.com))

Marbella, Felisa D.

Sorsogon State University, Philippines ([feymarbella03@gmail.com](mailto:feymarbella03@gmail.com))



ISSN: 2243-7703  
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 26 April 2024

Available Online: 15 May 2024

Revised: 1 May 2024

DOI: 10.5861/ijrse.2024.24023

Accepted: 15 May 2024

## Abstract

The aim of this study is to determine the characteristics and use of the Piling Larang Akademik Supplementaryong Aklat – Teknolohiya Batayang Pagkatuto (PLAS ATBP) in enhancing the Filipino writing of the students. A descriptive-developmental design was employed in the research. The participants in this study consisted of a total of 22 students from Grade 11-STEM and 10 teachers teaching Filipino sa Piling Larang-Akademik in the Sorsogon province. Interviews were conducted to gather data. The collected data were analyzed and interpreted using transcoding, coding, and thematic analysis. Based on the findings, the following conclusions were drawn: Various features can be observed in the developed teaching tool such as QR Code, Need-to-Know, Challenge Yourself, Knowledge Enhancement, Improve and Integration of Knowledge, Application of Knowledge, and Knowledge Worth. The developed tool proves to be useful in teaching and learning for both teachers and students in the subject of Filipino sa Piling Larang - Akademik. The use of the developed tool serves as an additional resource, guide for teaching and learning, simplifying the process of learning and teaching, and providing various activities in the subject of Filipino sa Piling Larang - Akademik. Based on the conclusions mentioned, the following recommendations are provided: The developed teaching tool can be further enriched to enhance learning and teaching of the subject of Filipino sa Piling Larang - Akademik.

**Keywords:** piling larang – akademik, learning materials, writing, book, Filipino

## **Piling larang akademik supplementaryong aklat-teknolohiya batayang pagkatuto (PLAS ATBP) sa pag-aaral ng sulating Filipino**

### **1. Abstrak**

Layunin sa pag-aaral na ito na malaman ang katangian at gamit ng Piling Larang Akademik Supplementaryong Aklat – Teknolohiya Batayang Pagkatuto (PLAS ATBP) sa pagkatuto sa pag-aaral ng Sulating Filipino ng mga mag-aaral. Deskriptib-developmental na disenyo ang ginamit sa pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay may kabuoang bilang na 22 na mag-aaral mula sa STEM 11 at sampung (10) gurong nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik sa Probinsya ng Sorsogon. Ginamit ang panayam sa pagkuha ng mga datos. Ang mga datos na nalikom ay sinuri at binigyang interpretasyon gamit ang transcoding, coding, at thematic analysis. Batay sa natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: Iba-ibang katangian ang makikita sa nabuong kagamitang pampagtuturo tulad ng QR Code, Dapat mong malaman, Hamunin ang sarili, Linangin ang kaalaman, Paghusayin mo, Pagsanib ng kaalaman, Ilapat ang dapat, at Sulit-kaalaman. May gamit ang nabuong kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Ang gamit ng nabuong kagamitan ay bilang karagdagang kagamitan, gabay sa pagtuturo at pagkatututo, napapadali ang pagkatuto at pagtuturo at nagbibigay ng iba't ibang gawain sa asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Batay sa mga konklusyon na nabanggit, narito ang mga rekomendasyon: Ang nabuong kagamitan ay maaaring pagyamanin pa sa igaganda pa nito sa pagkatututo at pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang - Akademik.

*Susing-salita* - piling larang – akademik, kagamitan pagkatuto, sulatin, aklat, Filipino

### **2. Introduksyon**

Ang guro ay isang epektibong instrumento sa loob ng silid-aralan, ngunit kung kulang ito sa mga kasangkapang panturo at hindi ito sumasalig sa mga prinsipyo ng pedagohiya sa kanyang pagtuturo, hindi magkakaroon ng lugar para sa kaalaman at pagkatuto. Ang kagamitang ito ay nagbibigay ng mga napakahalagang oportunidad para sa pag-unlad at pagpapalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga tao sa iba't ibang larangan ng interes at pangangailangan. Ang mga kagamitan sa pagtuturo ay maaaring nagmumula sa iba't ibang anyo tulad ng mga aklat, module, manual, o mga gawain sa papel, na lahat ay tumutulong sa mga guro na linangin ang kaalaman ng mga mag-aaral (Marbas, 2021).

Ayon kina Tuimur at Chemwei (2015) ang mga materyal sa pagkatuto na ginagamit ng guro ay nakakatulong upang mapadali ang kanilang pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang mga kagamitang panturo ay nagbibigay-buhay sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagpapalabas ng interes ng mga mag-aaral sa pagkatuto at nakatutulong sa guro upang maipaliwanag nang malinaw ang mga bagong konsepto (Kadzera, 2006). Sa bansang Negria ang kagamitang panturo ay alternatibong paraan ng komunikasyon na tumutulong sa mga guro na mas mabisa ang pagpaparing ng mga konsepto sa mga mag-aaral. Ito ay naglalaman ng iba't ibang materyal na nagpapalawak ng karanasan ng mga mag-aaral sa pag-aaral. Mas tinitingnan na ng mga edukador ang kahalagahan ng mga kagamitang panturo sa pagpapabuti ng pagtuturo sa silid-aralan (Amadioha, 2009). Sa isang pag-aaral ni Heafner (2004) sa North Carolina, U.S.A., ipinakita na ang paggamit ng mga kagamitang panturo ay nagpapataas ng pagganyak ng mga mag-aaral sa pag-aaral at pagkatuto.

Samakatuwid ang mga kagamitang panturo tulad ng mga aklat at modyul ay mahalaga para sa karanasan ng mga mag-aaral sa paaralan. Ito ang nagiging gabay para sa mga mag-aaral upang magkaroon ng biswal na konsepto ng kung ano ang anyo ng kurikulum mula sa simula hanggang sa pagtatapos ng paksa. Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay tinutulungan sa buong proseso ng pag-aaral (Romarate et al., 2023). Sa Pilipinas, ang Kagawaran ng Edukasyon ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga mag-aaral. Layunin nito na matuto ang mga ito

sa pinakamahusay at pinakamadaling paraan sapagkat sila ang pangunahing bahagi ng pagtuturo at pangunahing layunin ng akademikong pagkatuto. Sa ganitong paraan, upang maisagawa ang hangarin ng Republic Act No. 10533 s. 2013, o ang "No Child Left Behind," na naglalayong mapabuti ang kalidad ng edukasyon at makamit ang mga inaasahang bunga ng itinakdang organisasyon, mahalaga na isaalang-alang ng mga guro ang mga pamamaraan at kagamitan sa pagtuturo na maaaring maging sandata sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo.

Batay sa DO no. 018, s. 2020 may mga patakaran para sa pagbibigay ng learning resources sa implementasyon ng Basic Education Learning Continuity Plan ng DepEd, maglulunsad ng isang komprehensibong Learning Continuity Plan (LCP) na tumutugon sa mga hamon tulad ng pag-aayos sa kurikulum, pagkakahayan ng mga learning materials, at suporta para sa mga guro at magulang. Ipinatupad din ng kagawaran ang Most Essential Learning Competencies (MELCs) na gagamitin sa mga paaralan sa buong bansa. Layunin nito ang pagpapahalaga sa mga pangunahing kasanayan na dapat matutunan ng mga mag-aaral at ang pagbawas sa kanilang pasanin sa pamamagitan ng pag-aangkop ng aralin sa malayong pag-aaral. Kaagapay sa pagbago ng kurikulum ng Kagawaran ng Edukasyon, ang Batas Republika Blg. 10533 o mas kilala sa tawag na "Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013" na binubuo ng isang (1) taon ang edukasyon sa kindergarten, anim (6) na taon sa edukasyong elementarya, at anim (6) na taon sa edukasyong sekundarya, sa ganoong pagkakasunod-sunod. Kasama sa edukasyong sekundarya and edukasyon na apat (4) na taon ng Junior High School at dalawang (2) taon ng Senior High School.

Ang K to 12 Kurikulum ay naglalayong pahasayin ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral, na kritikal sa ika-21 siglo. Layunin nito ang magbigay ng komprehensibong edukasyon na handa sa mga hamon sa hinaharap sa trabaho, negosyo, o mas mataas na antas ng edukasyon. Kasama ang asignaturang Filipino sa Piling Larang Akademik bilang isa sa mga core subjects. Layunin nitong palakasin ang kakayahan sa akademikong pagsulat upang maging epektibo, analitikal, at masinop na manunulat sa kanilang napiling larangan. Tinukoy nina Doria at Conui (2020) na ang Filipino sa Piling Larang na nagtatampok ng mga aralin sa akademikong pagsulat at may kasamang mga pagsasanay na magpapaunlad sa kritikal na pag-iisip kung saan ang parehong kakayahan ay itinakda sa bagong kurikulum. Ito ay nagnais na mauunawaan ang kalikasan, layunin, at paraan ng pagsulat ng iba't ibang anyo ng sulating ginagamit sa pag-aaral sa iba't ibang larangan sa wikang Filipino.

Gayunpaman, ang kakulangan ng kagamitan sa asignaturang ito ay nagiging hadlang sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral. Isa sa mga hamon na kinakaharap ng ating mga pampublikong paaralan sa kasalukuyan ay ang kakulangan ng mga kagamitan sa pag-aaral (Oli, 2021) tulad ng mga aklat na gumagabay sa mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa ni Combalicer (2016), isa sa mga problema sa pagpapatupad ng K to 12 kurikulum ay ang kakulangan ng learning resources. Ang kinahinatnan nito, nagkaroon ng kahirapan ang mga gurong maghanap ng mga materyal para sa pagtuturo ng at sa wikang tinutukoy (Doria at Conui, 2020).

Sa pag-aaral ni Tuaño (2019) kinakailangan ang pagpapahusay na sinasalamin ng K-12 Curriculum, na maging malikhain at mapamaraan, lalo na ang mga guro na nahaharap sa mga hamon sa proseso ng pagtuturo-pagkatuto. Ang tungkulin ng guro ay hindi nagtatapos sa apat na sulok ng silid-aralan. Ang pangangailangan para sa kumpletong materyales sa pagtuturo; pagiging makabago at tumuklas ng mga tunay na materyales tulad ng mga module; dapat laging hanapin ng guro ang angkop na mga susi para sa ilang mga pakikibaka; tiyakin na nakakatulong ito sa kinakailangan ng mga mag-aaral; at makabuo ng sariling modyul. Ayon kay Lictao (2021) bilang instrumento at tulay sa larangan ng pagkatuto, kinakailangang tumugon ang mga guro sa mga hamon at pangangailangan ng mga mag-aaral upang maihatid ang angkop na kalidad ng edukasyon.

Sa pag-aaral nina Rogayan at Dollete (2019), ang kamakailang pagpapatupad ng K-12 curriculum sa Pilipinas, hinahamon ang mga guro na bumuo ng may kaugnayan, batay sa pananaliksik, at tumutugon sa mga kagamitan sa pagtuturo. Sa kasalukuyan, kakaunti ang mga sanggunian na kagamitan para sa inihanda na kinakailangan ng Senior High School (SHS). Lalo na sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang na siyang nabanggit sa pag-aaral nina Discaya at Marbella (2021) na may kakulangan ang mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang

Filipino sa Piling Larang na naayon sa strand na tinuturuan. Lalo't na sa kasalukuyang sitwasyon ng pag-aaral ay mas nangangailangan ang mga mag-aaral at mga guro ng karagdagang mga kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang. Dagdag pa rito ang problemang kinakaharap ng mga guro sa mga aklat sa asignaturang ito o learner's material ay ang nilalaman nito na nagbibigay lamang ng mga nakasulat na halimbawa at walang mga assessment sample na magagamit upang makita kung ano ang natutunan ng mga mag-aaral (Dayag, 2022).

Ang mga nabanggit na suliranin ay nag-udyok sa mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral na bibigyan pansin ang Piling Larang Akademik Supplementaryong Aklat – Teknolohiya Batayang Pagkatuto (PLAS ATBP) sa Pagkatuto sa Pag-aaral ng Sulating Filipino. Ang kagamitan ito ay may layuning makapag-ambag sa larangan ng pagtuturo ng kagamitang lubos na makakatulong sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral lalo na sa kasalukuyang panahon. Matutukoy din ng pananaliksik na ito kung ang materyal na gagamitin ay mabisang tumaas ang performans lebel ng mga mag-aaral na kumukuha ng Filipino sa Piling Larang Akademik. Ang pag-aaral na ito ay tumutugon sa Republic Act. No. 10533 na naghihikayat sa pag-unlad at pagpaparami ng mga materyales sa pagtuturo sa batayang edukasyon.

**Layunin** - Layunin sa pag-aaral na ito na malaman ang katangian at gamit ng Piling Larang Akademik Supplementaryong Aklat – Teknolohiya Batayang Pagkatuto (PLAS ATBP) sa pagkatuto sa pag-aaral ng Sulating Filipino ng mga mag-aaral .

### 3. Pamaraang Ginamit

Deskriptib-debelopmental na disenyo ang ginamit sa pananaliksik. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay may kabuoang bilang na 22 na mag-aaral mula sa STEM 11 at sampung (10) mga gurong nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik sa Probinsya ng Sorsogon. Ang pag-aaral ay hindi nakatuon sa mga mag-aaral sa ibang strand kagaya ng GAS, ABM, HUMSS at TVL at mga gurong hindi eksperto at nagtuturo ng Filipino sa Piling Larang – Akademik. Ginamit ang panayam sa pagkuha ng mga datos. Upang masigurado ang pagkabalido ng mga katanungan ng panayam ginamit ng mananaliksik ang *Face Validity*, sinuri ng mga eksperto ang bawat bahagi ng katanungan upang maging maayos at angkop sa kinakailangan ng pananaliksik. Nagtalaga ng iskedyul ang mananaliksik sa mga kalahok sa kanilang bakanteng mga araw at oras upang maisagawa ang panayam sa mga kalahok ng pag-aaral.

Ginamit ang pag-aanalisa ng kagamitan upang malaman ang katangian ng nabuong kagamitang PLAS ATBP sa pagkatuto. Sinuri ang kagamitan nabuo batay sa nilalaman at ang mga pangunahing ideya, konsepto, at datos nito. Ang mga nalikom na kasagutan mula sa mga mag-aaral at guro batay sa gamit ng PLAS ATBP, ang mga ito ay idinaan sa masusing pagsusuri gamit ang transcoding, coding at thematic analysis upang makuha ang kinakailangan impormasyon o datos sa pag-aaral. Sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito, sinigurado ng mananaliksik na ang nakalap na mga impormasyon o datos ay mananatiling pribado at kompidensyal batay sa Data Privacy Act of 2012 ng Pilipinas. Sa partisipasyon ng mga mag-aaral at guro nagpadala ng liham na humihingi ng permiso na maging bahagi ng pag-aaral. Bilang katibayan ng pang-sang-ayon ng mga kalahok na maging bahagi ng pag-aaral, lumagda sila ng liham pagsang-ayon o informed consent agreement form. Anumang impormasyon ng mga kalahok ay opsyunal. Maaaring hindi ilagay ang kanilang impormasyon at identidad. Hindi sila pinilit, subalit ipinaliwanag pa rin ang nilalaman ng panayam at pag-aaral nang lubos nilang maunawaan ang layunin ng mananaliksik.

### 4. Mga Natuklasan

Inilahad dito ang ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakalap ukol sa ang katangian at gamit ng Piling Larang Akademik Supplementaryong Aklat – Teknolohiya Batayang Pagkatuto (PLAS ATBP) sa Pagkatuto sa Pag-aaral ng Sulating Filipino ng mga mag-aaral . Nilimi ng pag-aaral ang mga tanong at sinasagot ito alinsunod sa hinihingi ng pananaliksik.

#### 4.1 Katangian ng nabuong plas atbp sa pagkatuto.

Ang nabuong kagamitang PLAS ATBP sa pag-aaral ng sulating Filipino ay naglalaman ng iba't ibang bahagi. Sa pamamagitan ng mga ito, ipinapakita kung inaayos ang bawat bahagi ng aklat upang maitaguyod at maabot ang layunin makatulong sa pag-unlad ng kaalaman ng mga mag-aaral at makatulong sa mga guro sa Pagtuturo. Ang PLAS ATBP ay naglalaman ng iba't ibang bahagi upang makatulong sa pagkatuto ng mga mag-araaral. Ang mga bahaging ito ay ang mga sumusunod: Pabalat, Dapat mong malaman, Hamunin ang sarili, Linangin ang kaalaman, Paghusayin mo, Pagsanib ng kaalaman, Ilapat ang dapat, Sulit-kaalaman, at Qr code.

**Pabalat.** Ito ay naglalaman ng larawang ng kartoon ng isang lalaking guro at ang pamagat ng aklat. Ang larawang ginamit na ilustrasyon sa bahaging ito ay isang lalaking guro na siyang magiging gabay sa buong laman ng aklat. Ito ay magsisilbing mukha ng nabuong aklat upang madaling matukoy at magkaroon ng paunang ideya sa nilalaman nito. Ang pagkakaroon ng isang maganda at kawili-wiling pabalat ay may malaking tulong upang maengganyo ang mga mag-aaral na basahin at gamitin ang aklat. Ang mga pabalat ng libro ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon upang maunawaan ang kuwento o impormasyon na nasa loob. Tumutulong sila sa pag-unawa sa teksto o mensahe, kahit para sa mga adultong mag-aaral (What do book covers tell us?, 2020). Ayon kay Gudinavičius at Šuminas (2018), ang pagkakaroon ng isang magandang pabalat ng isang aklat o babasahin ay nakakapukaw ng interes ng mga mambabasa. Kaya't ito ay may mahalagang papel bilang isang paraan ng komunikasyon sa mambabasa.

**Paunang Salita.** Ito ay naglalaman ng gabay sa paggamit at layunin ng PLAS ATBP para sa tagagabay at mag-aaral. Ito ay naglalaman ng maikling pagsasalayasay ukol sa pangunahing konsepto na tatalakayin at ang mga inaasahang kahalagahan ng pag-aaral ng nakapaloob na paksa. Sa bahaging ito nagbibigay ng pangkalahatang ideyang nakapaloob sa aklat. Ito ang simula ng pagbubukas ng pinto patungo sa mga ideya at paksa sa loob ng aklat.

**Dapat Mong Malaman.** Ang bahaging ito ay naglalaman ng pamantayang nilalaman at mga kasanayang pampagkatuto nakabatay sa *Most Essential Learning Competencies* (MELCS) na ipinatupad ng kagawaran ng edukasyon batay sa Deped order no. 8, s.2015. Dagdag pa rito ayon sa Deped Order no. 34, s. 2022 mayroong iba't ibang MELC na siyang inaasahang matamo ng mga mag-aaral sa bawat aralin nakapalob sa asignaturang Filipino Sa Piling Larang – Akademik. Ito ay may malaking tulong upang ang bawat nilalaman ng pag-aaral ay nakatuon lamang sa dapat malaman ng mga mag-aaral. Hindi magkakaroon ng kakulangan pagkatuto ang mga mag-aral sapagkat ang layunin ng MELCs ay tiyakin na ang mga mag-aaral ay makakamit ang mga kinakailangang kasanayan at kakayahan na mahalaga para sa kanilang tagumpay sa hinaharap. Tinutulungan ng MELCs ang mga guro sa pagdisenyo at paghahatid ng epektibong mga karanasan sa pag-aaral na nagtutugma sa mga pangangailangan at layunin ng kurikulum.

Sa pag-aaral ni McClymont (2019), lumilitaw na ang gabay sa aralin ng MELCs ay hindi lamang nagbigay ng malinaw na direksyon sa mga guro at mag-aaral sa loob ng silid-aralan, kundi nagkaroon din ito ng positibong epekto sa pagpapalawak ng kaalaman at pag-unawa ng mga mag-aaral. Ito ay nagtulak ng mas malalim na pagsasanay at pagpapaunlad ng mga kasanayan, na nagresulta sa mas mataas na antas ng pagpapahalaga at pagpapakita ng mga mag-aaral sa kanilang mga aralin. Sa pamamagitan ng paggamit ng gabay na ito, mas naging epektibo ang mga guro sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga aktibidad na sumusuporta sa mga layunin ng kurikulum at sa pagpapalakas ng pagkatuto ng mga mag-aaral. dagdag pa ni Zalun (2023) ang MELCs (Mga Essential Learning Competencies) ay tumutulong sa mga guro sa pagdidisenyo at paghahatid ng mga epektibong karanasan sa pag-aaral na nagtutugma sa mga pangangailangan at layunin ng kurikulum.

**Hamunin ang Sarili.** Ang bahaging ito ay magsilbing lunsaran, pagganyak, at magsilbing tagapag-ugnay ng konsepto ng mga mag-aaral patunog sa bagong aralin na kanila palang matutuhan. Sa pamamagitan nito, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na mag-isip at maglaan ng atensyon sa mga ideya na may kinalaman sa paksang kanilang pag-aaralan. Sinabi ni Horne (2015) na ang pagpapagana sa mga umiiral nang kaalaman ng

mga mag-aaral tungkol sa paksa ay unang hakbang sa matagumpay na pagsusulong sa kanila na mag-aral tungkol sa nilalaman ng paksa. Kapag nagpapresenta at nag-uusap tungkol sa paksa kasama ang mga mag-aaral, mahalaga na gamitin ang mga bagay at karanasan na makabuluhan sa kanila. Ang paggamit ng konteksto ay makatutulong sa paglikha ng mas nakakaengganyong karanasan para sa kanila (Haris & Putri, 2011).

**Linangin ang Kaalaman.** Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga kaalaman at impormasyong matututuhan sa mga mahalagang akademikong sulatin na aaralin ng mga mag-aaral. Sa bawat nilalaman ay naging may saysay at ang pag-unawa sa mga bagong konsepto, kasabay ng pagtatamo ng mga kasanayan sa bawat aralin, ay nagmula sa maingat na pagsusuri. Ang asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik ay mayroong 12 na aralin ang mga ito ay kahuluguhan, kalikasan, at katangian ng pagsulat ng sulating akademik, Abstrak, Sintesis, Bionete, Panukalang proyekto, Talumpati, Katitikan ng pulong, Posisyong papel, Repleksyong sanaysay, Pictorial essay, Agenda, at Lakbay-sanaysay. Maliban pa rito ang mananaliksik ay nagdagdag ng isang aralin na tumatalaky sa pagbuo ng isang Portfolio para magkaroon ng ideya ang mga mag-aaral sa inaasahang awtput ng asignatura.

Ang mga araling tinalakay sa nabuong kagamitan ay nakabatay at isinuri na kabatay sa *Most Essential Learning Competencies* (MELCS). Ito sinuri ng mananaliksik upang ang lahat ng nilalaman ay tutugong sa pinakakailangang malaman ng mga mag-aaral sa kabuoan ng asignatura. Ayon kina Afandi, Junanto, at Afriani (2016) sa pag-organisa ng nilalaman ng pag-aaral, mahalaga ang pagkakaroon ng kasanayan sa information literacy, na may kaugnayan sa kakayahan na kumuha, gamitin, at suriin ang impormasyon nang wasto mula sa iba't ibang pinagmulan. Dagdag pa rito ni Jingga (2013) ang mga materyales sa pagtuturo o instructional materials ay mga mahalagang kagamitan para mapalawak ang kaalaman, kasanayan, at mga saloobin na dapat matutuhan ng mga mag-aaral upang matugunan ang itinakdang pamantayan ng kakayahan. Kaya kinakailangan ng maayos at sinusuri ng Mabuti ang mga nilalaman nitong taglay upang sa maayos na resulta.

**Paghusayin Mo.** Ang nilalaman nito ay nagtatampok ng mga gawain na naglalayong pagbutihin ang kakayahang magtalakay, magsuri, at mag-analisa ng akademikong sulatin, na naglalayong mapalalim ang pang-unawa sa araling itinalakay. Ang mga gawaing ito ay nakabatay sa layunin na dapat matamo ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Ito ay inakmang mga gawain upang siguraduhing nakaangkla ang gawaing nakalagay sa nabuong kagamitan. Ayon kay Laurel (2022) sa pagbuo ng mga gawaing pagkatuto, ang guro ay nagplaplano o pumipili ng mga aktibidad sa pag-aaral batay sa kung aling aktibidad ang nagpapagana ng kaalaman ng mga mag-aaral. Ito rin ay nakabatay sa layuning dapat matamo pagkatapos ng aralin.

**Pagsanib ng Kaalaman.** Bukod sa kakayahan sa pagsasalita, maipapahusay rin ang kanilang kakayahang magsulat at magkaroon ng mapanuring pagsasaalang-alang sa isinagawang aralin. Sa bahaging ito ay naglalaman ng gawain na magbibigay tulong upang magamit ang kasanayan at kaalaman sa realidad ng buhay.

**Ilapat ang Dapat.** Sa bahaging ito, magiging ganap ang pang-unawa sa mga natutunan sa loob ng aralin dahil maipapakita kung paano ito maipapatupad sa isang konkretong gawain. Makikita dito ang buong paglalapat ng kaalaman hinggil sa paksang pinag-aralan. Batay sa pag-aaral ni Yazon (2018), lubos na kinikilala ang mga ideya, konsepto, at punto naipaliliwanag nang mabuti ang ipinakita sa kagamitan sa pagkatuto; ang mga kakayahan sa pagkatuto; mga karagdagang aktibidad at ang nilalaman ay nagpapahusay sa pag-unawa ng mag-aaral; na may sapat na presentasyon/talakayan; at ang mga aralin ay iniharap sa isang madali at nagbibigay-daan para sa repleksyon at pagsusuri.

**Sulit-kaalaman.** Ito ang huling bahagi na magtatasa sa kung gaano kahusay nakuha ng mga mag-aaral ang kanilang mga natutunan mula sa tinalakay na paksang aralin. Ito ay nagbibigay ng oportunidad sa kanila na ipakita ang kanilang nauunawaan at kasanayan sa pamamagitan ng pagsusulit.

**Sanggunian.** Makikita ang pinagkunan ng mga impormasyon na nakatala sa loob ng aklat. Ang sanggunian ng PLAS ATBP ay naglalaman ng mga pagsipi mula sa iba't ibang akademikong sanggunian, aklat, at onlayn na mga mapagkukunan. Nakatutulong ito sa pagpapatibay ng impormasyon at pagbibigay-kredibilidad sa mga nilalaman ng aklat.

**Qr code.** Ang pagsasaalang-alang sa teknolohiya ay maaaring magbukas ng pinto ng kaalaman sa anumang oras at kahit saan para sa mga mag-aaral. Ito ay magiging isang durungawan ng aralin na naglalayong gawing mas madali at magaan ang proseso ng pagkatuto, kung saan maaaring balikan ng mga mag-aaral ang kanilang mga aralin kahit saan at anumang oras na naisin nila. Ang QR code na kailangan i-scan ng mga mag-aaral upang makita ang online na kopya ng PLAS ATBP. Ito ay makakatulong sa mga mag-aaral upang kahit saan at ano mang oras naising niyang basahin at pag-aaralan ang aralin ay maaari niyang magawa. Lalo pa kung may isang pagkakataong hindi niya nadala ang aklat ay maaari siyang mag-scan sa kapwa niya kamag-aral upang makasabay sa talakayan ng klase.

Ang mga *QR Code* ay binubuo ng parisukat na itim na module sa isang puting *background*. Idinisenyo ang mga ito upang mabilis na ma-decode ang datos (Pons, 2011). Mga modernong teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon, tulad ng mga teknolohiyang pang-mobile at *Quick Response* (QR) code, ay may malaking potensyal na mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral dahil pinapagana ng mga mobile technology ang pag-aaral sa maraming konteksto, sa pamamagitan ng mga pakikipag-ugnayan sa lipunan at nilalaman (Crompton, 2013). Ibig sabihin lamang nito ang mga mag-aaral ay maaaring matuto o mag-aral anumang oras o kahit saan na maaaring magkaroon sila ng sarili nilang pamamaraan ng pag-aaral nang maging matagumpay. Isa sa mga mahahalagang hakbang na dapat gawin upang matiyak ang kalidad at pinakamainam na karanasan sa pag-aaral sa mga mag-aaral ay upang isaalang-alang ang kanilang iba't ibang mga istilo at kagustuhan sa pag-aaral. Ang istilo ng pagkatuto ay tumutukoy sa kung paano natututo ang mga mag-aaral at iproseso ang impormasyon sa kanilang sariling mga paraan (Magulod Jr,2019).

#### 4.2 Gamit ng PLAS ATBP

Ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagtakda ng mga kasanayan at kaalaman na dapat matutuhan ng mga mag-aaral, magbigay ng mga halimbawa at kahalagahan, maglaan ng mga gawain para sa pagsasanay at pag-unawa, at maghatid ng mga maayos para sa pagsusuri at pagsusulit ng kaalaman. Ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng mga kasangkapan at materyales upang mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral ng mga mag-aaral. Ang nabuong kagamitang PLAS ATBP ay natukoy ang gamit batay sa mga mag-aaral at guro. Ang mga kasagutan nakatulong upang matukoy ang mga sumusunod na tema.

**Karagdagang Materyal** - Ang mga guro ay paghahanda ng mga bagong kagamitang pampagtuturo para sa kanilang klase. Naniniwala silang mahalaga ito sa pagtuturo at sa pagpapalawak ng kaalaman ng kanilang mga mag-aaral. Ang mga ito ay nagiging tulong upang magkaroon pa ng iba pang pagkukunan ng kaalaman. Batay sa panayam at kasagutan ng mga mag-aaral at guro nakitang may malaking tulong ang kagamitang PLAS AtBP upang maging karagdagang kagamitan sa Pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Makikita ito sa mga sumusunod na mga pahayg.

*Mag-aaral 5: Dagdag itong pagkukunan naming ng paksang pag-aaralan sa asignaturang Piling Larang.*

*Mag-aaral 21: Sir, ito po ay dagdag na pagkukunan ng impormasyon lalo na mahirap maghanap ng mga aralin sa internet kung totoo ang mga sources.*

*Mag-aaral 9: Di na po nakin kailangan pang maghanap sa internet at magbasa pa sa ibang aklat dahil andito a po lahat ang mga tinalakay at tatalakayin namin.*

Ang nabuong aklat ay nakakatulong upang maging karagdagang pagkukunan ng mga mahalagang impormasyon na makakatulong sa kanila upang maunawaan ang aralin. Maaari na rin silang maunang magbasa ng mga susunod na aralin sa pamamagitan nito.

*Mag-aaral 1: Maliban sa mga aklat na mula sa paaralan at babasahin sa online ang pinapagamit mo po sir saamin na aklat at soft copy nito ay nagiging kagamitan naming sa pag-aaral.*

*Mag-aaral 18: dati kailangan ko pang magpicture ng libro para may kopya ako pero ngayon ay iscan lang nakin ang code may babasahin na ako at naglalaman na ito ng lahat ng paksa. Ito ay nakatulong na karagdagang kagamitan.*

Ang aklat na nabuo ng mananalisis ay nagiging karagdagan sa paraang mas madali at nakaagapay sa makabagong pamamaraan ng pag-aaral at pagtuturo. Sa pamamaraan ng paggamit ng qr code ay nakakuha na ang karagdagang kagamitan. Mapapansin sa mga tugon ng mga mag-aaral na naging karagdagang kagamitan ang PLAS ATBP sa pag-aaral ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Ito ay nakatulong upang maging madali ang paghahanap nila ng mga aralin sa asignatura. Hindi na nila kinailangan pang maghanap ng iba pang pagkukunan ng impormasyon.

*Guro 1: Makakatulong ito bilang kagamitan sa Pagtuturo ng asignatura sapagkat walang mga kagamitang available sa field.*

Ang kakulangan ng kagamitan sa pagtuturo sa pampublikong pampaaralan ay isa sa mga suliranin kinakaharap ng mga guro. Sa pamamagitan ng nabuong kagamitan ay hindi na kailangan pang maghanap ang guro ng kagamitan sa asignaturang Filipino sa Piling Larang – akademik.

*Guro 5: Naiiba ito sa ibinigay ng DepEd dahil kompleto ang laman nito mula sa nilalaman hanggang sa ebalwasyon. Magagamit ito bilang kagamitan sa Pagtuturo ng Piling Larang.*

Ang nabuong kagamitan ay naglalaman ng iba't ibang bahagi upang higit na malinang ang kasanayan dapat matamo ng isang mag-aaral. Ito ay hindi lamang naglalaman ng talakayan at halimbawa sapagkat ito ay may mga gawain nakabatay sa MELC na kailangan matamo ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin.

*Guro 14: Mahusay ito dahil may kakulangan ng kagamitan sa asignaturang ito. Karagdagan upang mapadali ang Pagtuturo.*

*Guro 20: Mapagkukunan ito ng mga aralin at karagdagang impormasyon na wala sa mga aklat.*

Ang nabuong kagamitan ay nakabatay sa MELC at gabay ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – akademik kaya naman naglalaman ito ng lahat ng mga aralin na dapat matalakay sa buong semester. Ito rin ay puno ng mga impormasyon na dapat malaman at maunawaan ng mga mag-aaral sa isang aralin. Ang nabuong kagamitang PLAS ATBP ay may malaking tulong sa mga guro upang magkaroon ng karagdagang impormasyon sa Pagtuturo ng asignatura. Sa kasalukuyan ay nakakaranas ang mga paaralan ng kakulangan sa mga kagamitan na maaari maging katuwang ng mga guro sa pagkukunan ng impormasyon. Ang mga nabanggit na mga pahayag ng mga mag-aaral at mga guro ay nangangahulugan na maaarig maging karagdagang kagamitan sa Pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Ito ay nagpapatunay lamang na may malaking kakulangan sa kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto sa mga paaralan.

Ayon kay sa pag-aaral nina Discaya at Marbella (2021) na may kakulangan ang mga kagamitang pampagtuturo sa asignaturang Filipino sa Piling Larang na naaayon sa strand na tinuturuan. Lalo't na sa kasalukuyang sitwasyon ng pag-aaral ay mas nangangailangan ang mga mag-aaral at mga guro ng karagdagang mga kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang. Dagdag pa rito ang problemang kinakaharap ng mga guro sa mga aklat sa asignaturang ito o learner's material ay ang nilalaman nito na nagbibigay lamang ng mga nakasulat na halimbawa at walang mga assessment sample na magagamit upang makita kung ano ang natutunan ng mga mag-aaral (Dayag, 2022).

Ayon kina Balido at Aycardo (2020) Ang kakulangan ng mga kagamitang pampagtuturo ay isang hamon sa epektibong pagtuturo. Ang pagkakaroon ng mga mahusay na kagamitang pampagtuturo ay magiging daan upang mapabuti ang kakayahan sa pagsulat, pagsasalita, pakikinig, at pagbasa. Kaugnay nito, nagagamit ito sa pagtuturo bilang tugon sa karagdagang kaalaman at paghubog ng kasanayan ng mga mag-aaral (Villafuerte, 2023).



### 4.3 Gabay sa Pagtuturo at Pagkatuto

Ang kagamitan ay mahalagang bahagi ng pagtuturo at pagkatuto. Ito'y nagbibigay ng suporta sa mga guro sa pagpapahayag ng mga konsepto, habang nagbibigay naman ng mga modelo at oportunidad sa pagsasanay ng kasanayan para sa mga mag-aaral. Sa kabuuan, ito'y nagiging gabay at suporta sa proseso ng edukasyon.

*Guro 1: Naglalaman na ito ng mga aralin at gawain.*

*Guro 4: ito ay nakabatay sa MELC kaya ang mga aralin at gawain ay nakakatulong upang mapadali ang pagbahagi ng aralin.*

*Guro 6: Ito ay makakatulong sa paghatid at pagtuturo ko sa aralin dahil may nakahanda itong mga gawain di ko na kailangan pang mag-isip.*

*Guro 9: May nakahandang talakayan, gawain, pamantayan sa pagmamarka, at pagsusulit. Ito ay mapapadali upang maibahagi ang layunin sa bawat aralin.*

Mula sa mahahalagang mga talakayang nilalaman nito at mga halimbawa ay nakakatulong din ang nakahandang mga gawain na susukat sa kasanayan ng mga mag-aaral sa bawat aralin. Ito ay malaking tulong upang hindi na mag-isip pa ang mga guro ng maaari niyang ibigay na gawain o pagsasanay sa mga mag-aaral. Maliban sa naibigay nitong gabay sa mga guro sa pagtuturo, ito rin ay nagagamit na gabay sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Mula sa mga iba't bahagi ng nabuong kagamitan ay magagamit bilang gabay sa harapanng talakayan sa klase. Ang mga sumusunod na pahayag ay mula sa mga mag-aaral:

*Mag-aaral 7: Organizado na mga impormasyon at oagbibigay ng mga malinaw na aralin, pagsusulit, at gawain na nagpapalawak sa aming pagkatutuo kaya't maayos ito nagiging gabay saaming pagkatuto.*

*Mag-aaral 8: Ito ay may nilalaman na mga aralin na may makabuluhan at mas madaling maintindihan dahil sa maayos na format. Nagiging gabay sa madaling pagkatuto*

Ang nabuong aklat may organisadong pamamaraan ng paglalahad mula sa talakayan hanggang sa pagsasanay. Hindi magkakaroon ng kalituhan sa paggamit ng aklat ang mga mag-aaral o guro. Sa pamamagitan nito ay madaling matukoy ng mga mag-aaral ang nilalaman ng aklat.

*Mag-aaral 10: Dito nakapaloob ang mga aralin na mas pinasimple ang mga terminong para mas madali naming maintindihan.*

Ang mga nilalaman ng nabuong aklat ng mananaliksik ay mayroong payak na talakayan upang hindi mahirapan ang mga mag-aaral na unawain ang aralin. Sa pamamagitan nito ay hindi na kailangan pa ng gabay ng guro upang matutunan ang aralin.

*Mag-aaral 14: Nagbibigay ito ng gabay sa pagkatuto sa mga estudyante dahil ito ay naglalaman ng mga impormasyon tungkol sa mga tinuro ng guro.*

Ito ay naglalaman ng mga aralin na siyang dapat matutunan ng mga mag-aaral batay sa MELC kaya't nakatitayak na lahat ng aralin ay siyang dapat maituro ng guro sa asignaturang Filipino sa Piling Larang – akademik. Mula sa ebalwasyon na isinagawa ng mananaliksik ay napatunayan na ang mga nakapaloob sa aklat na nabuo ay siyang tinuturo ng mga guro.

*Mag-aaral 16: Mababasa ko kahit kailan ko gusto na hindi ginagamit ng signal o ng cellphone*

Sa pamamagitan ng pagkakaroon nito ng Qr Code ay natutulungan ang mga mag-aaral na magamit ang nabuong kagamitan kahit saan at kailan man nila naisin. Ito ay nakakatulong upang magkaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na mag-aaral at matuto. Ang mga mag-aaral ay nagpapahayag na ang nabuong kagamitang

pampagtuturo ay nagiging gabay sa nila sa pag-aaral. Ang pagiging maayos ng nilalaman ng mga aralin ay nakakatulong sa kanila upang madaling maunawaan.

Nangangahulugan lamang na ang nabuong kagamitan ay gabay sa mga guro at mga mag-aaral upang mapadali ang pagtuturo at pagkatuto. Ang maayos na nilalaman ng kagamitan ay malaking tulong upang madaling maunawaan ang aralin. Ito ri ay nagbibigay ng mas maraming pagkakataon para sa mas interaktibong pag-aaral na maaaring gamitin para sa pag-aaral sa labas ng silid-aralan dahil madaling ma-access ang mga ito anumang oras at kahit saan.

Ayon sa pag-aaral ni Castillo et al. (2018) tungkol sa *Pagbuo at Balidasyon ng Estratehiyang Interbensyong Kagamitang Pampagtuturo sa Gramatikang Filipino*, ipinakikita na malaki ang papel ng mga kagamitang panturo tulad ng sanayang aklat sa pag-aaral ng mga mag-aaral at sa epektibong pagtuturo ng mga guro sa hinaharap. Sa kanilang pag-aaral, kanilang natuklasan na lubos na nakakatulong ang mga ito sa kanilang mga gawain sa pagtuturo at nagiging gabay upang mas mapadali ang proseso ng pagtuturo at pag-aaral. Dahil mayroon silang sanggunian na maaaring gamitin, nagiging mas magaan ang trabaho ng mga guro at mas mabilis nilang natutugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral sa pagkatuto.

Dagdag pa ni Gagne et al (2005) ang mga kagamitang pampagtuturo ay maaaring maglinang ng pinakamataas na antas ng kasanayan sa pag-iisip ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng malinaw na pagpapaliwanag ng mga konsepto at pagsunod sa mga alituntunin o prinsipyo, na nagbibigay daan sa paglutas ng mga bagong suliranin sa pamamagitan ng pag-analisa sa sitwasyon at pagpapalano. Dagdag nina Moral at Cabigan (2022), ang mga kagamitang pampagtuturo ay mahalagang gabay sa pag-aaral ng mga mag-aaral. Tinutulungan nito silang matuto nang mag-isa o sa tulong ng guro. Sa pamamagitan nito, natutulungan ang mga mag-aaral na magpakita ng kanilang gawain, makatanggap ng puna, at matuto nang may gabay.

#### 4.4 Napapadali ang Pagkatuto at Pagtuturo

Ang layunin ng mga kagamitang pampagtuturo ay matulungan ang mga guro at mga mag-aaral na makamit ang layunin ng pagkatuto sa mas madaling pamaraan. Ayon kay Bušljeta (2013) ang mga kagamitang pampagtuturo ay dapat na nakapagpapadali ng proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagiging nakakaenganyo, impormatibo, at madaling ma-access. Sa pamamagitan ng mga ganitong kagamitan, mas nagiging madali para sa mga mag-aaral na maunawaan at makuha ang mga konsepto at kasanayan na kanilang pinag-aaralan.

*Mag-aaral 9: Kahit saan at kahit kailan man, maari tayong mag-aaral.*

*Mag-aaral 15: ang soft copy nito ay mas madaling pag-aralan naming mga estudyante lalo na hindi lamang sa paaralan kundi saan man kami naroon dahil ito ay nakasave naman sa cellphone.*

*Mag-aaral 17: Oo, dahil hindi kona kailangan pa ng signal o gadget para Mabasa ito kahit saan.*

Ang pagkakaroon ng Qr Code at soft copy ng nabuong kagamitan ay nakakatulong sa mga mag-aaral na gamitin ito kahit saan at anumang oras. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na muling mabalikan at maunang mag-aaral ng aralin nila.

*Mag-aaral 20: Mas mabilis na ma-access ang impormasyon at mas madaling mag-edit ng mga dokumento.*

*Mag-aaral 21: Oo, dahil mas madali itong ma-access at digital ito maari kong magamit kahit saan at kahit kailan.*

Ang nabuong kagamitan ay madaling magamit lalo pa hindi lamang ito nakalimbag na kagamitan. Ito rin ay mayroong soft copy at maaaring mabasa sa pamamagitan lamang ng pag-iscan ng qr code ay mababasa na ang aralin.

*Mag-aaral 14: kung sa internet ay hiwa-hiwalay ang mga impormasyon na nakapaloob dito na sa isang click at sa isang aklat lang ay andyan na lahat at agad-agad nababasa.*

Ang nilalaman ng aklat ay isinaayos ng mananaliksik batay sa pangangailangan sa pagtuturo at pagkatuto ng asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Ang lahat ng aralin ay pinagsama-sama upang hindi na kailangan pang maghanap sa ibang pagkukunan ng impormasyon dahil ito ay naglalaman na ng kabuoang aralin at talakayan. Ang mga kalahok na mga mag-aaral ay nagpahayag ng ito ay nakakatulong upang mapadali ang kanilang pagkatututo. Binigyang-diin nila na ito ay nagbibigay ng madaliang access sa impormasyon at madaling pag-access sa mga materyales kahit saan at kahit kailan.

Nangangahulugan lamang ito na malaki ang tulong ng nabuong kagamitan upang mapadali ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa tulong ng QR Code ay nabibigyan pagkakataon ang mga mag-aaral na ma-access ito kahit saan nilang nais mag-aaral maliban pa rito walang tiyak na oras ang kailangan upang kanilang balikan o magpaunang pag-aaral sa aralin. Pinatunayan sa pag-aaral ni Shuvalova et al. (2021) na may benepisyo ang mga materyales sa e-learning, partikular sa kanilang kakayahang maging madaliang ma-access, malinaw, at mabilis na ma-access ang impormasyon. Ayon pa kay Tlili et al. (2021) nagbibigay ng madaling access ang kagamitang pampagkatuto sa lahat ng mga kaalaman sa pagkatuto. Dagdag pa nina Shohel, Ashrafuzzaman, Islam, Shams, at Mahmud (2021) ang pagkakaroon ng mga tala sa soft copy ay nagpapadali para sa mga mag-aaral na ma-access ang mga sanggunian sa kanilang kagustuhan at kahit saan nila gusto.

*Guro 7: simplified ang mga talakayan at gawain. Dagdag pa rito organisado ang laman ng kagamitan.*

*Guro 8: Payak ang pagkakalahad ng talakayan kaya madali maunawaan ng mga mag-aaral.*

Ang mga talakayan sa nabuong kagamitan ay payak at madaling maunawaan ang mga aralin at gawain. Ito ay nagbibigay-daan sa mas maraming pagkakataon para sa mga mag-aaral na maunawaan at maipatupad ang kanilang natutunan. Batay sa mga kasagutan ng mga guro ang kagamitang pampagtuturo ay nakakatulong upang mapadali pagtuturo sa mga mag-aaral. Ang kagamitang PLAS ATBP ay makakatulong upang mapadali at mapalalim ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng organisadong laman, pati na rin sa pamamagitan ng payak at malinaw na pagpapaliwanag ng mga konsepto.

Implikasyon ito na mahalaga ang pagkakaroon ng kagamitan sa pagtuturo. Ang kagamitang pampagtuturo ay kailangan madaling maunawaan at agarang magagamit ng mga mag-aaral. Ito ay madaling ma-access at magamit sa anumang pagkakataon naisin ng mga mag-aaral pati na rin sa lugar ng mga guro. Ayon sa pag-aaral kay Marino (2004) ang paggamit ng mga materyal sa pagtuturo ay nagpapadali at nagpapalalim ng proseso ng pagkatuto sa pangmatagalang panahon. Ito ay dahil sa maayos na pagkakahabi ng nilalaman at pagkakaugnay nito sa layunin ng aralin. Sa pag-aaral nina Olumorin, Yusuf, Ajidagba, at Jekayinfa (2010), ang mga kagamitang panturo ay nakakatulong sa mga guro upang gawing mas magaan at mas madali ang kanilang pagtuturo, at nagbibigay ng tulong sa mga mag-aaral upang hindi mahirapang matuto. Sa pahayag ni Palines (2016), itinuturing na napakahalaga sa isang kagamitan sa pagtuturo ang pagiging malinaw, maayos, at madaling maunawaan ng bawat salita na nakapaloob dito. Ito ay dahil ang ganitong katangian ng kagamitan ang nagtatakda ng bilis ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

#### *4.5 Nagbibigay ng iba't ibang gawain*

Ang mga kagamitang pampagtuturo at pagkatuto ay kailangan naglalaman ng ebawalsyon upang masukat ang kasanayang natamo ng mga mag-aaral. Ito ay makikitaan ng iba't ibang pamamaraan sa pagkuha ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

*Guro 1: Naglalaman ng mga pagsasanay nakabatay sa MELC ang kagamitan.*

*Guro 9: May mga gawain nakahanda sa bawat aralin. Ito ay alinsunod sa inaasahang makuha ng*

*mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Ito rin ay nagbibigay ng iba't ibang pagsasanay at pagsusulit.*

Ang mga gawain at pagsasanay sa bawat aralin sa nabuong kagamitan ay sinusunod ang MELC bilang batayan ng inaasahang kakayahan na dapat matamo ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Ang mga gawain ay nagpapatibay sa mga layuning ito at tumutugma sa inaasahang mga kakayahan na dapat matamo ng mga mag-aaral.

*Guro 3: Mayroong iba't ibang gawain mula sa mababang lebel patungo sa mas mataas na lebel na pagsusuri ng kasanayan.*

*Guro 6: Ang mga gawain ay may nakahandang pamantayan at iba-iba ang mga inihandang gawain.*

Ang mga gawain sa bawat aralin ay mula sa pinakamadali hanggang sa mahirap na gawain upang masubok ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ito rin ay mayroong mga pamantayan sa pagbibigay ng marka o puntos. Batay sa mga pahayag ng mga guro mayroong iba't ibang mga gawaing ibinibigay ang nabuong kagamitan. Ang mga gawaing nakapaloob rito ay nakabatay sa inilunsad na Most Essential Learning Competencies ng DepEd. Maliban pa rito ang binibigyan pansin rin ang iba't ibang lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral. Ito ay nagpapakita na ang nabuong kagamitan ay naglalaman ng mga mahahalagang gawaing tutugon sa pangangapailangan matamo ng mga mag-aaral. Ang mga gawaing nabuo ay nakabatay sa layuning dapat matamo ng mga mag-aaral pagkatapos ng aralin. Ito rin ay nakakatulong upang masukat ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral.

Ang mga materyal sa pagtuturo ay dapat magbigay ng iba't ibang uri ng teksto at mga aktibidad upang magbigay ng pagpipilian sa mga mag-aaral. Ito ay naglalayong magkaroon ng mas aktibong partisipasyon at mas malawak na pag-unawa sa mga aralin (Harsono, 2007). Ayon kina Pasion at Sandoval (2013) ang mga kagamitang pampagtuturo ay nagbibigay ng karagdagang pagsasanay at impormasyon sa mga mag-aaral upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga itinuturo na paksa. Sinabi ni Bucjac (2011) na ang iba't ibang mga aktibidad at teknik na ginamit sa mga kagamitan ay nakakatulong sa mga mag-aaral, at ang pagsasama ng pagtuturo at pag-aaral ay maliwanag na namamalagi na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na matuto ng mag-isa, ang mga kagamitan ay lubos na kaugnay at napakahalaga para sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

## **5. Kongklusyon at Rekomendasyon**

Batay sa natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon: May katangian ang nabuong kagamitang pampagtuturo. May gamit ang nabuong kagamitan sa pagtuturo at pagkatuto ng mga guro at mag-aaral sa asignaturang Filipino sa Piling Larang – Akademik. Epektibo ang E- Filipino sa Piling Larang – Akademik sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa mga konklusyon na nabanggit, narito ang mga rekomendasyon: Ang nabuong kagamitan ay maaaring pagyamanin pa sa igaganda pa nito sa pagkatututo at pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Piling Larang - Akademik. Maaaring gamitin ang nabuong kagamitan sa pag-aaral at paghahanda sa mga pagsusulit ng mga mag-aaral. Magsagawa ng iba pang pag-aaral na may kaugnayan sa kagamitang pampagtuturo sa balarilang Filipino.

## **6. Talasanggunian**

- Afandi, A., Junanto, T., & Afriani, R. (2016). Implementasi digital-age literacy dalam pendidikan abad 21 di Indonesia. In *Prosiding SNPS (Seminar Nasional Pendidikan Sains)* (Vol. 3, pp. 113-120).
- Amadioha, S. W. (2009). The importance of instructional materials in our schools an overview. *New Era Research Journal of Human, Educational and Sustainable Development*, 2(3), 4-9.
- Bucjac, M. (2011). Development and Validation of Modules in English 2: Writing in the Discipline, *National Power Reviewed Journal*, Vol. 6 ISSN2012 3981
- Bušljeta, R. (2013). Effective use of teaching and learning resources. *Czech-polish historical and pedagogical journal*, 5(2).

- Castillo, Capuno, Mercy M. (2018) Pagbuo at Balidasyon ng Estratehiyang Interbensyong Kagamitang Pampagtuturosa Gramatikang Filipino. Bacolod City, Philippines: St. La Salle University.
- Combalicer, L. F. (2016). Best Practices and Problems in the Initial Implementation of the K+12 Curriculum among Teachers in Infanta, Quezon: Implications to an Effective Implementation of Senior High School, *Journal of Education and Social Sciences*, 4, p. 12.
- Crompton, H., 2013. A Historical Overview of M-Learning: Toward Learner-Centered Education. In Z. Berge & L. Muilenburg (Eds.), *Handbook of mobile learning* (pp. 3-14). Routledge, New York, USA
- Dayag, E. H. (2022). Alternative Reinforcement And Activity-Based Learning (Aral): Using Contextualized Tools To Develop Writing Skills In Filipino. *International Journal Of Business, Law, And Education*, 3(2), 100 - 103. <https://doi.org/10.56442/ijble.v3i2.49>
- Department of Education. (2015). DO 8, s. 2015: Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program. Retrieved from [https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO\\_s2015\\_08.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2015/04/DO_s2015_08.pdf)
- Department of Education. (2022). DepEd Order No. 34, s. 2022. Retrieved from [https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/07/DO\\_s2022\\_034.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2022/07/DO_s2022_034.pdf)
- Discaya, R. B., & Marbella, F. D. (2021). Pagsusuri sa pagsulat ng techvoc strand sa senior high school tungo sa pagbuo ng rehistro ng wikang Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*, 10(8), 25-34. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2021.613>
- DO no. 018, s. 2020 (2020). Policy Guidelines for the Provision of Learning Resources in the Implementation of the Basic Education Learning Continuity Plan. Retrieved from [https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO\\_s2020\\_018](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/08/DO_s2020_018).
- Doria, E. , & Conui, F. (2020). Pagbuo ng Workbuk sa Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip ng mga Estudyante. *Langkit : Journal of Social Sciences and Humanities*, 9, 19–42. <https://doi.org/10.62071/jssh.v9i.85>
- Enhanced Basic Education Act of 2013. (2013). Republic Act No. 10533. Retrieved from <https://www.officialgazette.gov.ph/2013/05/15/republic-act-no-10533/>
- Gagne, R. M., Wager, W. W., Golas, K. C., Keller, J. M., & Russell, J. D. (2005). *Principles of instructional design*.
- Gudinavičius, A., & Šuminas, A. (2018). Choosing a book by its cover: analysis of a reader's choice. *Journal of Documentation*, 74(2), 430-446.
- Haris, H., & Putri, R. I. (2011). The contextual teaching and learning approach to mathematics in primary schools. *Educational Research and Reviews*, 6(8), 590-595.
- Harsono, Y. M. (2007). Developing learning materials for specific purposes. *Teflin*, 18(2), 169-179.
- Heafner, T. (2004). Using technology to motivate students to learn social studies. *Contemporary issues in technology and teacher education*, 4(1), 42-53.
- Horne, A. (2015) The importance of teaching content to young learners. Retrieved from: <https://www.cambridge.org/elt/blog/2015/07/02/importance-teaching-content-young-learners/>
- Jingga, G. M. (2013). *Panduan lengkap menyusun silabus dan rencana pelaksanaan pembelajaran*. Yogyakarta: Araska.
- Kadzera, C. M. (2006). *Use of instructional technologies in teacher training colleges in Malawi* (Doctoral dissertation, Virginia Polytechnic Institute and State University).
- Laurel, C. D. (2022). Validation of learning activity sheets and learners performance in Araling Panlipunan. *Journal Title*, 104(1), 13-13.
- Lictaoa, R. C. B., & Filipino, M. (2021). Development, Validation And Acceptance Of The Material Intervention Strategy (Esinma) On Students' learning For The New Normal. *Galaxy International Interdisciplinary Research Journal*, 9(11), 432-442.
- Magulod Jr, G. C. (2019). Learning styles, study habits and academic performance of Filipino University students in applied science courses: Implications for instruction. *JOTSE: Journal of Technology and Science Education*, 9(2), 184-198.
- Marbas, J. (2021). The importance of instructional Materials. Retrieved on December 20th.

- Marino, W.P. (2004). Development, validation and effectiveness of plane trigonometry work text for the first year college students (master's thesis). URS-Antipolo, Philippines.
- McClymont, G. (2019). 7 Components of an Effective Classroom Lesson Plan. Retrieved from <https://owlcation.com/academia/Components-of-an-Effective-Classroom-Lesson-Plan>
- Moral, C. D. M., & Cabigan, M. V. A. (2022). Validity of Learning Materials in Araling Panlipunan 2. Validity of Learning Materials in Araling Panlipunan 2, 105(1), 14-14.
- Oli, M.C.(2021). Assessment Strategies And Feedback Practices By College Instructors: A Cross-Sectional Study. *Psychology and Education Journal*, 58(1), 1250-1269. <https://doi.org/10.17762/pae.v58i1.874>
- Olumirin, C. O., Yusuf, A., Ajidagba, U. A., & Jekayinfa, A. A. (2010). Development of Instructional materials from local resources for art-based courses. *Asian Journal of Information Technology*, 9(2), 107-110.
- Palines, L. (2016). Pagbuo at ebalwasyon ng talahulugang ingles-filipino sa mga katawagang teknikal ng bread and pastry production [Master's thesis, Manuel S. Enverga University Foundation]. Lungsod ng Lucena.
- Pasion, R., & Sandoval, M. A. (2013). Kabisaan ng Sanayang Aklat sa Paglinang ng Filipino 3 (Retorikang Filipino). *Davao Research Journal*, 9(1), 68–78. <https://doi.org/10.59120/drj.v9i1.31>
- Pons, D. (2011). QR Codes in Use: The Experience at The UOV Library. *Serials-24* (3), 47- 56.
- Prezi Presentation Bilang Makabagong Kagamitang sa Pampagtuturo. Kabisaan Ng Prezi Presentation Bilang Makabagong Kagamitang Sa Pampagtuturo. Retrieved April 18, 2024, from <https://www.instabrightgazette.com/blog/kabisaan-ng-prezi-presentation-bilang-makabagong-kagamitang-sa-pampagtuturo>
- Rogayan Jr, D. V., & Dollete, L. F. (2019). Development and Validation of Physical Science Workbook for Senior High School. *Science Education International*, 30(4), 284-290.
- Romarate, M. A., Aquino, A. B., Punongbayan, E. J., Quizon, G. R., Balilla, L. A., & Ramos, N. P. (2023). Development of Outcomes-Based Instructional Materials in Professional Teacher Education Courses for a Flexible Set-Up. *Journal of Education and e-Learning Research*, 10(1), 61-67.
- Shohel, M. M. C., Ashrafuzzaman, M., Islam, M. T., Shams, S., & Mahmud, A. (2021). Blended teaching and learning in higher education: Challenges and opportunities. *Handbook of research on developing a post-pandemic paradigm for virtual technologies in higher education*, 27-50.
- Shuvalova, N. V., Lezhenina, S. V., Lammert, A., Gubanova, G. F., Denisova, E. A., Levitskaya, V. M., ... & Belkina, N. Y. (2021). Electronic Learning Materials Or Traditional-Which Is Preferable?. *IJASOS-International E-journal of Advances in Social Sciences*, 7(19), 127-131.
- Tlili, A., Zhang, J., Papamitsiou, Z., Manske, S., Huang, R., Kinshuk, & Hoppe, H. U. (2021). Towards utilising emerging technologies to address the challenges of using Open Educational Resources: a vision of the future. *Educational Technology Research and Development*, 69, 515-532.
- Tuaño, N. H. (2019, July). A Module as an Aid in Teaching Filipino 7 in Concordia College. In *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Conference Proceedings* (Vol. 3, No. 2).
- Tuimur, H. N. E., & Chemwei, B. (2015). Availability and Use of Instructional Materials in the Teaching of Conflict and Conflict Resolution in Primary Schools in Nandi North District, Kenya. *Online Submission*, 3(6), 224-234.
- Villafuerte, P. (2023, January 16). Liwayway. Liwayway. Retrieved April 18, 2024, from <https://liwayway.ph/2023/01/20/awtentikong-kagamitang-pampagtuturo/>
- What do book covers tell us? (2020, March 26). Retrieved April 20, 2024, from <https://blog.empoweringwriters.com/toolbox/what-do-book-covers-tell-us#:~:text=Here's%20why%3A%20book%20covers%20give,they%20are%20about%20to%20read.>
- Yazon, A. D. (2018). Validation and effectiveness of module in assessment of students learning. *International Journal of Science and Research*, 7(2), 1833-1836.
- Zalun, J. G. (2023). The Teachers' Utilization of the Most Essential Learning Competencies (MELCS) and its Relation to the Learning Development of Grade Six Pupils in a Public School in the Philippines: Basis for a Proposed Program. *International Journal of Multidisciplinary: Applied Business and Education Research*, 4(6), 1888-1903. <https://doi.org/10.11594/ijmaber.04.06.15>